Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 8 (Ikatlong Markahan-USLeMs:4)

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Linda A. Delgaco |
| **Illustrator:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Content Editor:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Language Editor:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Validator:** | Galcoso C. Alburo |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |

**(This is a Government Property. Not for Sale.)**

# Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang ginagamit sa *radio broadcasting*
B. Naisusulat nang wasto ang iskrip ng isang dokumentaryong panradyo

- Nakikilala ang dokumentaryong panradyo
- Naiisa-isa ang mga paraan at hakbang sa pagsulat ng iskrip sa dokumentaryong panradyo
- Nakasusulat nang wastong iskrip ng isang dokumentaryong panradyo

# Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, isagawa ang mga gawain upang masukat ang iyong kaalaman

A. Piliin mula sa kahon ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| CBB | OBB | AM | SFX | BAND |

____________1. Nangangahulugang *amplitude modulation* – istandard na band ng radyo.
____________2. *Opening Billboard*
____________3. Mga makabuluhang tunog na ginagamit sa kabuuan ng *radio broadcast.*
____________4. *Closing Billboard*
____________5. Lawak na naaabot ng pagbo-*broadcast.*

B. Markahan ng > kung may kaugnayan ang pahayag sa dokumentaryong panradyo at < kung wala. Isulat ang sagot sa talahanayan.

| PAHAYAG | < , > |
|---|---|
| 1. Layunin nitong ipakita ang nagaganap sa totoong buhay. | |
| 2. Ilan sa mga paksang madalas na talakayin ay mga piksyonal na pangyayari. | |
| 3. Magsaliksik ng mga totoong impormasyon. | |
| 4. Ipinakikita ng dokumentaryong panradyo ang naaayon sa pansariling interes. | |
| 5. May sinusunod na iskrip. | |
| 6. Magkaroon ng maraming pagpapasiya tungkol sa paksa. | |
| 7. Naglalaman ng mga komprehensibong larawan sa mga kasalukuyang isyu sa lipunan | |
| 8. Mahalaga ang iskrip dahil layunin nitong makita kung magaling ang sumulat para sa programang panradyo. | |

| | |
|---|---|
| 9. Gumawa ng balangkas ng nilalaman. | |
| 9. Huwag kalilimutang banggitin ang mga kilalang personalidad upang higit silang sumikat. | |

## Balik-Tanaw

Bago ka magpatuloy, balik-aralan mo ang mga kasanayang natutuhan mo na. Gawin ang sumusunod:

A. Ilahad ang sariling bayas o pagkiling sa mga pahayag.

| PAHAYAG | SARILING BAYAS O PAGKILING |
|---|---|
| 1. "Magsanay na ng magbabakuna" – Senador Richard Gordon. | |
| 2. "Hindi dapat mangamba ang mga lalahok o *volunteers* sa isasagawang *Solidarity Tria*l sa COVID-19 sa bansa" - DOST | |
| 3. "Hindi pa nakikita ng Department of Health (DOH) na magpapatupad ang pamahalaan ng *'total travel ban'* upang matiyak na hindi makapapasok sa bansa ang bagong *variant* ng COVID-19" | |
| 4. "Hindi napapanahon ang pagsusulong ng Kongreso ng *Charter Change* (Cha-Cha). – VP Leni Robredo | |
| 5. "Ikinatuwa ng Globe ang pagbibigay-pansin ng pamahalaan na tuldukan na ang *online child pornography.*" | |

## Pagpapakilala ng Aralin

Ang **Radio Broadcasting** ay isang pamamaraan ng pagsasahimpapawid ng mga impomasyon o balita sa pamamagitan ng paggamit ng mga *waves* sa radyo. Layunin nitong maipaabot ang mga impormasyon sa mas nakararaming tagapakinig. Tingnan ang ilan sa mga termino at daglat na ginagamit sa isang iskrip ng *radio broadcasting.*

| DAGLAT NG MGA SALITANG GINAGAMIT | KAHULUGAN |
|---|---|
| OBB | *Opening Bill Board* – introduksyon/pagsisimula o pagpapakilala ng programang panradyo. |
| CBB | *Closing Bill Board* – pagtatapos ng programang panradyo |
| AM | Nangangahulugang *Amplitude Modulation* – istandard na band ng radyo, isang *broadcast* na nangangailangan ng AM |

| | |
|---|---|
| | *receiver*. Ang hanay ng *frequency* ay mula 530 hanggang 1710 kHz. |
| FM | Nangangahulugang *Frequency Modulation* – isang *broadcast* na nangangailangan ng FM *receiver*. Ang hanay ng *frequency* ay mula 88 hanggang 108 MHz. |
| SFX | Nangangahulugang *sound effects*; Mga makabuluhang tunog na ginagamit sa kabuuan ng *radio broadcast.* |
| BAND | Lawak na naaabot ng pagbo-*broadcast*, tumutukoy sa AM at FM |
| CALL SIGN | Itinalagang tawag ayon sa titik ng mga istasyon ng radyo. Halimbawa, DZRH, DZBB |
| PSA: Public Service Announcement | Ang isang ad na tumatakbo sa pampublikong interes. |
| ON-AIR | Aktwal na pagbo-*broadcast* sa radyo, oras na mapakikinggan ang *anchor* na nagsasalita |
| ANCHOR | Taong nagsasalita habang nagaganap ang pagbo-*broadcast* |

Ang **dokumentaryong panradyo** ay isang uri ng salaysay na naglalaman ng mga komprehensibong talakayan sa mga kasalukuyang isyu sa lipunan. Layunin nitong ipakita ang nagaganap sa totoong buhay upang imulat ang mga tagapakinig sa aktuwal na nangyayari sa lipunan .

Ang **Iskrip** ay isang isinulat na materyal na naglalaman ng mga salitang kilos (pandiwa) at di-pandiwang kilos na kailangan sa programa. Sinasabi sa atin kung ano ang gagawin, sasabihin o kailan at paano. Mahalaga ang iskrip dahil layunin nitong matiyak ang tamang teknikal na aplikasyon at impormasyon, masiguro ang daloy ng programa at masulit ang *airtime*.

Bago sumulat ng isang dokumentaryong panradyo, pag-aralan ang mga paraang ito:

1. Magsaliksik ng mga impormasyon.
2. Huwag kalimutang banggitin ang mga personalidad na binanggit sa mga detalye upang ipakita ang kredibilidad ng iyong isinulat.
3. Magkaroon ng malinaw na pagpapasiya sa paksa.

**Hakbang sa Pagsulat ng Iskrip:**

1. Alamin kung sino ang iyong mga tagapakinig.
2. Gumawa ng pananaliksik tungkol sa paksa.
3. Gumawa ng balangkas.
4. Sumulat ng burador o *draft.*
5. Mag-ensayo sa pagbasa nang malakas at orasan.
6. Gawing palarawan o *visualized* at madaling basahin ang iskrip.
7. Rebisahin ang iskrip – istilo, timing at katumpakan

## Gawain

A. Basahin ang isang halimbawa ng iskrip ng dokumentaryong panradyo sa ibaba.

Pamagat ng Programa: KALKALEROS
Uri ng Programa: Dokumentaryong Panradyo
Petsa ng Pagpapalabas: Marso 15, 2021
Oras ng Broadcast: 2:00 – 3:00 ng hapon
***BAND: AM***
***CALL SIGN:*** DXRC

**ON-AIR**
**1. SFX**
2. **OBB. ANCHOR:** SABI NGA NG ILAN, ANG PAGIGING JANITOR AY ISANG TRABAHONG HINDI MO MAIPAGMAMALAKI. MARAHIL ISA NGA ITONG MARANGAL NA TRABAHO, NGUNIT ANG MGA DYNAMICS NG PAGIGING ISA NITO AY PATULOY NA MINAMATA NG ILANG MGA TAO SA ATING LIPUNAN. AT ANG MASAKIT PA NITO, KASABAY NG PANGUNGUTYA AT HIRAP SA GANITONG TRABAHO, SILA RIN ANG ILAN SA MGA PINAKA-UNDERPAID NA MGA MANGGAGAWA SA ATING BANSA. MAGANDANG ARAW. ATING SILIPIN ANG BUHAY JANITOR DITO SA UP DILIMAN. AKO SI _____, ITO ANG THE KALKALEROS.
3. INTERBYU. (Nagkukukuwento si Mang Erwin, isang janitor ng kaniyang mga karanasan bilang isang janitor, lalo na ang mga hirap nito.)
*"Matagal na akong janitor dito. Higit sampung taon na. Madali na mahirap ang trabaho ng isang janitor. Minsan maliit ang kita, kulang para matustusan ang mga pangangailangan ng pamilya.*
4. INTERBYU. Ikukwento ni Mang Erwin ang kita niya sa pagja-janitor at ang mga benepisyo na kaniyang natatanggap (kung meron man).
*"Sumasahod naman kami ng mga 350 pesos isang araw. Iyon nga lang sa benepisyo, medyo kulang."*
5. **ANCHOR.** NAKAKALUNGKOT ISIPIN NA ANG MGA TAONG TAGALINIS NG ATING MGA KALAT SA UNIBERSIDAD ANG PINAKANAHIHIRAPAN SA LAHAT. NAKAKAPAGOD NA TRABAHO, MALIIT PA ANG PASUWELDO AT NAPAGKAKAITAN NG MGA BENEPISYO.
UMAASA KAMING SA HINDI MATAGAL NA PANAHON AY MATUGUNAN NG MGA KINAUUKULAN ANG MGA SIMPLENG MGA PANGANGAILANGANG ITO NG MGA MATUTURING NATING MGA UNSUNG HEROES NG ATING UNIBERSIDAD.
6. **ANCHOR.** AKO SI ______. AT ITO ANG THE KALKALEROS. **CBB #**

(*Hango ang nilalaman mula sa https://kalkalkom.wordpress.com/2011/03/30/janitor/#more-202. Binigyan ng kaunting rebisyon ng may-akda)*

B. Itala ang 5 salitang di-pamilyar sa binasang iskrip. Alamin ang kahulugan ng mga ito. Isulat sa isang hiwalay na papel.

1. 2. 3. 4. 5.

C. Dugtungan ang pahayag upang mabuo ang diwa ng talata.

Ang dokumentaryong panradyo ayon sa halimbawang binasa ay ________________________________________________________________________________________________________________.

## Tandaan

Ang **Radio Broadcasting** ay isang pamamaraan ng pagsasahimpapawid ng mga impomasyon o balita. Ginagamit sa *radio broadcasting* ang mga salitang:

OBB
CBB
AM
FM
SFX
BAND
CALL SIGN
PSA: Public Service Announcement
ON-AIR
ANCHOR

Layunin ng **dokumetaryong panradyo** na ipakita ang nagaganap sa totoong buhay upang imulat ang mga tagapakinig sa aktuwal na nangyayari sa lipunan . Ang **Iskrip** ay isang isinulat na materyal na naglalaman ng mga salitang kilos (pandiwa) at di-pandiwang kilos na kailangan sa kabuuan ng programa.

| | | |
|---|---|---|
| Ang **dokumentaryong panradyo** ay isang uri ng salaysay na naglalaman ng mga komprehensibong talakayan sa mga kasalukuyang isyu sa lipunan. | ⬌ | Isaalang-alang sa pagsulat ng iskrip ng dokumentaryong panradyo ang:<br>▪ Pagsasaliksik<br>▪ Target na tagapakinig<br>▪ Masusing pagwawasto |

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Suriin ang iyong mga natutuhan sa tulong ng sumusunod na gawain:

A. Makinig ng isang *radio broadcast* at punan ng sagot at halimbawa ang talahanayan.

| 1. PANGALAN NG PROGRAMA: | |
|---|---|
| 2. ARAW NG BROADCAST: | |
| 3. ORAS NG BROADCAST: | |
| **SALITA** | **HALIMBAWA MULA SA PINAKINGGANG RADIO BROADCAST** |
| 4. OBB | |
| 5. CBB | |
| 6. AM (sasagutin ng Oo o Hindi) | |
| 8. SFX | |
| 9. ANCHOR/s | |
| 10. CALL SIGN | |
| 11. PSA: Public Service Announcement | |

B. Subukin mo ngayong bumuo ng isang iskrip ng dokumentaryong panradyo ayon sa hinihingi ng bawat patlang. Sundin ang mga panutong nasa loob ng panaklong **(_)** upang mabuo ang iskrip.

Pamagat ng Programa: ____________________________**(Umisip ng pamagat)**
Uri ng Programa: Dokumentaryong Panradyo
Petsa ng Pagpapalabas: ____________________________ **(Magbigay ng petsa)**
Oras ng Broadcast: ________________________________ **(Magbigay ng oras)**
Band: AM
CALL SIGN**:** ___________________________________ **(Magbigay ng 4 na letra)**
Paksa ng Dokumentaryo: Epekto ng COVID '19 sa mga sapatero ng Marikina
**ON-AIR**

**1. SFX at Background Music (BGM):** ________________________________________
2. **OBB: (Maglagay ng introduksyon tungkol sa paksa)**
________________________________________________________________________
_________. Ako si _________**(pangalan)**, ito ang ______________**(Pamagat ng programa)**.

3. **ANCHOR:** Upang higit nating maunawaan ang epekto ng COVID-19, kapanayamin natin si Kuya Lino, isang sapatero sa Marikina.

4. INTERBYU **(Maglagay ng mga maaaring sabihin ni Kuya Lino)**
________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________.

5. **ANCHOR: (Maglagay ng maaaring sabihin ng anchor)**
________________________________________________________________________
___________________. Maaaring hindi pansin ng gobyerno ang maliliit na manggagawang katulad nila subalit ito ang kanilang panawagan.

6. INTERBYU **(Maglagay ng mga maaaring sabihin ni Kuya Lino)**
________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________.

7. **ANCHOR: (Maglagay ng maaaring sabihin ng anchor, huling mga opinyon)**________________________________________________________
_______________________________________________________________________.

**8. ANCHOR: (Maglagay ng maaaring sabihin ng anchor, pagpapaalam)**
Napakinggan po ninyo ang isa na namang edisyon ng ating dokumentaryo. Hanggang sa muli, ito po si _____________________________________ **(pangalan)** para sa ____________________________________________ **(pangalan ng programa).**

**8. CBB:** _________________________________________________________________
**(Kung ano ang nakalagay sa OBB ay siya ring ilalagay sa CBB)**

**10. SFX at Background Music (BGM):** __________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Pagtatapos ng programang panradyo.
   a. OBB b. CBB c. SFX d. PSA
2. Introduksyon/pagsisimula ng programang panradyo.
   a. PSA b. OBB c. CBB d. SFX
3. Pampublikong anunsyo para sa interes ng lahat.
   a. CBB b. SFX c. PSA d. OBB
4. Mahahalagang tunog na kailangan sa kabuoan ng programang panradyo.
   a. SFX b. OBB c. CBB d. PSA
5. Aktuwal na pagbo-*broadcast* sa radyo
   a. PSA b. OFF-AIR c. ON-AIR d. SFX

B. Pumili ng isang paksa sa ibaba. Bumuo ng isang iskrip ng dokumentaryong panradyo tungkol sa iyong napiling paksa. Mamarkahan ka ayon sa pamantayan sa ibaba.

A. Bakuna kontra COVID-19
B. Online Distance Learning
C. Modular Distance Learning
D. Ekonomiya ng Bansa
E. Pagtaas ng Presyo ng Bilihin

| **PAMANTAYAN** | **5** | **3** | **1** |
|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman | Lubos na nagpakita ng orihinalidad sa nilalaman. | Nagpakita ng Orihinalidad sa maraming bahagi ng nilalaman. | Hindi nagpakita ng orihinalidad sa nilalaman. |
| 2. Wastong Gamit ng mga Salita | Lubos na nagpakita ng wastong gamit ng mga salita. | Nagpakita ng wastong gamit ng mga salita sa maraming bahagi ng nilalaman. | Hindi nagpakita ng wastong gamit ng mga salita. |
| 3. Kaangkupan sa Paksa | Lubos na nagpakita ng Kaangkupan sa Paksa | Nagpakita ng Kaangkupan sa Paksa sa maraming bahagi ng nilalaman. | Hindi nagpakita ng Kaangkupan sa Paksa |

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok A:**

1. AM
2. OBB
3. SFX
4. CBB
5. BAND

**Unang Pagsubok B:**

| | |
|---|---|
| 1. > | 6. < |
| 2. < | 7. < |
| 3. > | 8. < |
| 4. < | 9. > |
| 5. > | 10. < |

**Pangwakas na Pagsusulit A:**

1. B
2. B
3. C
4. A
5. C

## Sanggunian

https://www.slideshare.net/allanortiz/radio-broadcast-2
https://brainly.ph/question/506060
https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa